

Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 89

Paano Pamahalaan ang iyong Buhay Pananalapi

“19 Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa, na dito'y sumisira ang tanga at ang kalawang, at dito'y nanghuhukay at nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw:20 Kundi mangagtipon kayo ng mga kayamanan sa langit, na doo'y hindi sumisira kahit ang tanga kahit ang kalawang, at doo'y hindi nanghuhukay at hindi nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw:21 Sapagka't kung saan naroon ang iyong kayamanan, doon naman doroon ang iyong puso.” (Mateo 6:19-21 KJV)

“19 Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa, na dito'y sumisira ang tanga at ang kalawang, at dito'y nanghuhukay at nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw:” (Mateo 6:19 KJV) Sinimulan ni Jesus na magsalit dito tungkol sa isang mahalagang paksa na inaalala ng mga tao sa mundo sa iba't ibang panahon, at ito ay tungkol sa pagkakaroon ng mga materyal na bagay, kayamanan, pera, pananalapi, ari-arian, lupain, ginto, pilak, hiyas, damit, at para sa atin ngayon kotse, atbp. * Dito nagbabala si Jesus ang nakalatag na mga kayamanan sa lupa dahil maaring masira at mawasak. Kaya ang naka imbak na materyal dito ay mamahaling damit. Maraming tao ang bumibili nila at naglalaan sila sa mamahaling damit at inilalagay nila ang malaking halaga ng kanilang kita doon. * Binanggit din ni Jesus ang kalawang na sisira sa mga metal. Marami ngayon ang gumagastos ng malaki sa mamahaling kotse, mobiles at iba pang kagamitan, * Kalaunan binanggit ni Jesus ang mga magnanakaw na darating at magnanakaw ng salapi, pilak, ginto at ang mahahalagang bato. Dito ay tinutukoy rin ni Jesus kung ano ang maaaring masankot ang mga tao sa kasakiman, kasakiman, pagibig sa salapi, at pagibig sa mundo at gamitin ang ibinibigay ng Dios para lamang itago o para sa maling personal na bagay, kawalang katapatan, at ipagkait ng tao ang kanyang natatanggap na gamitin para sa maka Dios na mga layunin.

* Si Jesus Dito nang iminungkahi na huwag magipon ng kayamanan sa lupa, hindi siya labag sa pagtatago ng pera o pag iipon ng pananalapi, ngunit sinabi Niya na dahil may mas magandang lugar upang itago ang iyong pera at ito ay magiging malaking kita sa iyo at magiging ligtas at kung saan walang gamo-gamo, walang kalawang, at mga magnanakaw ay hindi maaaring maabot, ni sirain o nakawin sa kanila, at ang lugar na iyon ay ang Langit kung saan hindi maabot ng gamo-gamo, kalawang at magnanakaw upang sirain o nakawin sa kanila. ***“20 Kundi mangagtipon kayo ng mga kayamanan sa langit, na doo'y hindi sumisira kahit ang tanga kahit ang kalawang, at doo'y hindi nanghuhukay at hindi nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw:” (Mateo 6:20 KJV)*** * Ang layunin ngayon ay upang hanapin ang mga kayamanan sa Langit, na ang Dios ay malugod sa atin at tayo ay magkakaroon ng gantimpala mula sa Kanya at magkakaroon din tayo ng ligtas na kinabukasan.

Paano natin maiimpok sa Langit? Ito ay sa pamamagitan ng pagsalin ng ating mga kayamanan sa lupa sa Langit, sa pamamagitan ng paggamit ng kung ano ang ibinibigay sa atin ng Dios para sa Kanyang kaluwalhatian. Basahin natin ang sumusunod na Kasulatan upang maunawaan kung paano natin makakamit ang mga kayamanan sa Langit, ang buhay na walang hanggan, ang gantimpala mula sa Dios at ang katiyakan para sa hinaharap. ***“17 Ang mayayaman sa sanglibutang ito, ay pagbibilinan mo na huwag magsipagmataas ng pagüsip, at huwag umasa sa mga kayamanang di nananatili, kundi sa Dios na siyang nagbibigay sa ating sagana ng lahat ng mga bagay upang ating ikagalak: 18 Na sila'y magsigawa ng mabuti, na sila'y magsiyaman sa mabuting gawa, na sila'y maging handa sa pamimigay, maibigin sa pamamahagi; 19 Na mangagtipon sa kanilang sarili ng isang mabuting kinasasaligan para sa panahong darating, upang sila'y makapanangan sa buhay na tunay na buhay.” (1 Timoteo 6:17-19 KJV)*** Iminungkahi dito ng Dios ang sumusunod: Ang mga mayayaman ay dapat silang magpakumbaba, hindi mapagmataas, magtiwala sa Dios at hindi sa materyal na sa mga bagay na hindi nanatili; at dapat silang mamuhay para sa Dios; dapat silang masiyahan sa ibinigay ng Dios sa kanila, batay sa pahayag na ***“na siyang nagbibigay sa ating sagana ng lahat ng mga bagay upang ating ikagalak”***, at dapat silang gumawa ng mabuti, upang maging mayaman sa mabubuting gawa, handang ipamahagi at ihatid ang mga materyal na bagay na mayroon sila sa mga nangangailangan, at sa gayon ay nag-iimbak sila para sa kanilang sarili ng mabuting pundasyon laban sa panahong darating na sa gayong pag-uugali ay natitiyak nila ang hinaharap at makakatiyak sila sa buhay na walang hanggan.

“21 Sapagka't kung saan naroon ang iyong kayamanan, doon naman doroon ang iyong puso.” (Mateo 6:21 KJV) Ang ibig sabihin ni Jesus dito ay kung nasaan ang iyong puso, naroon ang iyong kayamanan. Ibig sabihin kung ano ang mayroon ka ng materyal na kayamanan at ari arian ay nakatuon sa kung ano ang gusto mo at kung ano ang iyong iniibig. Upang ilagay ang iyong kayamanan sa Langit kung gayon kailangan mong ibigin ang Langit, na ibigin ang Dios at ibigin ang Salita ng Dios at ibigin ang Kanyang mga utos. Ang ating isipan ay dapat maging kapareho ng isipan ng Dios sa gayo'y malaman natin paano ingatan ang ating mga kayamanan sa Langit. Ngayon ay pupunta pa tayo sa Kasulatan upang malaman kung paano tayo makakagawa ng kayamanan sa Langit.

1. *Dapat tayong magtrabaho upang magkaroon tayo ng kita sa gayo'y maisalin natin sa Makalangit na kayamanan: "Ang nagnanakaw ay huwag nang magnakaw pa: bagkus magpagal, na igawa ang kaniyang mga kamay ng mabuting bagay, upang siya'y may maibigay sa nangangailangan."* (Epeso 4:28 KJV) Ang bawat taong sumusunod sa Dios at kailangang magpakapagal at magtrabaho sa paggawa ng mabuti upang hindi siya mabuhay o manamantala sa trabaho ng ibang mga tao, at maari siyang maglaan para sa kanyang sarili at kalaunan ay makatulong sa iba.

2. *Dapat nating maunawaan na kailangan nating maglaan para sa ating sarili: "At pagaralan din naman ng ating mga tao na manatili sa mabubuting gawa sa kagamitang kailangan, upang huwag mawalan ng bunga."* (Titus 3:14 KJV)

3. *Dapat nating maunawaan na kailangan tayong masiyahan sa gawa ng ating mga kamay ngunit sa isang makaDios na paraan: "Walang maigi sa tao kundi ang kumain at uminom, at pagalaking mabuti ang kaniyang kaluluwa sa kaniyang gawa. Ito man ay aking nakita na mula sa kamay ng Dios."* (Mangangaral 2:24 KJV)

4. *Dapat nating maunawaan na kailangan nating maglaan para sa ating pamilya: "Datapuwa't kung ang sinoman ay hindi nagkakandili sa mga sariling kaniya, lalong lalo na sa kaniyang sariling sangbahayan, ay tumanggi siya sa pananampalataya at lalong masama kay sa hindi sumasampalataya."* (1 Timoteo 5:8 KJV) Kailangan nating ibigay hindi lamang pagkain kundi disiplin rin at ibahagi ang takot sa Dios.

5. *Dapat nating maunawaan na dapat tayong hindi masangkot sa utang at kailangan nating kumilos na bayaran ang lahat ng ating mga utang: "Huwag kayong magkautang ng ano pa man sa kanino man, maliban na sa mangagibigan kayo: sapagka't ang uniibig sa kaniyang kapuwa'y nakaganap na ng kautusan."* (Roma 13:8 KJV)

6. *Dapat nating maunawaan na kailangan nating ibigay kung anong nararapat sa Dios:* Gaya ng sumusunod:-

A. Ang ating unang bunga: "Huwag kang magmamakupad ng paghahandog ng iyong mga ani, at ng tulo ng iyong mga pigaan. Ang panganay sa iyong mga anak na lalake ay ibibigay mo sa akin." (Exodu 22:29 KJV) Ang unang bunga na inilalapat sa lahat ng produkto ng anumang pinarami ng tao ito ay pag aari ng Dios mula sa bunga, gulay, hayop, kotse, makina, atbp. **Upang gawing simple sa iyo ang mga nagtatrabaho na may sahod, kailangan nilang ibigay ang kanilang unang sahod sa Dios, Kasunod bawat taon ay ibigay mo ang iyong unang buwang sahod sa Dios. Kung wala kang palagiang sahod, kung gayon bilangin ang iyong kita para sa buong taon at hatiin sa loob ng buong taon at ibigay ang isang buwan sa Dios.** May mga tao na may ilang iba pang mga pagbibilang ngunit kalaunan ito'y magtatapos na katumbas ng nasa itaas na pamamaraan na kung saan ay isang makatarungang pamamaraan. May mas detalyadong turo tungkol sa unang bunga, at kung may tanong ka tungkol doon ay maaari mo akong kontakin upang talakayin o pag aralan ang sermon na pinamagatang 'Pagbibigay ng mga Unang Bunga'.

"Pakabanalin mo sa akin ang lahat ng mga panganay, anomang nagbubukas ng bahay-bata sa mga anak ni Israel: maging sa tuo at maging sa hayop ay akin." (Exodu 13:2 KJV) Ang panganay sa ating mga anak ay pag aari ng Dios at kailangan tubusin ang mga ito sa pagbabayad ng kanila ng mga ito; ayon sa Bibliya ay 5 siklo na magiging halaga ng 200 na dolyar.

Ang unang bunga ay dapat ibigat sa mga seserdote, at sa ngayon, sa pastor ng simbahan na nangangalaga sa simbahan at sa gawain ng Dios, *"At ang una sa lahat na unang bunga ng baw't bagay, at lahat na alay na baw't bagay, sa lahat ninyong mga alay ay magiging sa saserdote: inyo rin namang ibibigay sa mga saserdote ang una sa inyong masa upang pagpalain ang inyong bahay."* (Ezekiel 44:30 KJV) Kapag ibinigay natin ang unang bunga sa Dios ay nagdudulot sa atin ng pagbagsak ng mga pagpapala ng Dios sa ating mga tahanan. *"9 Parangalin mo ang Panginoon ng iyong tinatangkilik, at ng mga unang bunga ng lahat mong ani: 10 Sa gayo'y mapupuno ang iyong mga kamalig ng sagana, at ang iyong mga alilisan ay aapawan ng bagong alak."* (Kawikaan 3:9-10)

B. Ang ikapu: "10 Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan." (Malacias 3:10 KJV) Madali bilangin ang ikapu sa pagbibigay ng 10 porsiyento ng ating kita. * Kapag hindi tayo nagiikapu ninanakawan natin ang Dios gaya ng mababasa natin dito, **"8 Nanakawan бага ng tao ang Dios? gayon ma'y ninanakaw ninyo ako. Nguni't inyong sinasabi, Sa ano ka namin ninakawan? Sa mga ikasangpung bahagi at sa mga handog."** (Malacias 3:8) Kapag hindi tayo nag ikapu ginagawa nating mahina ang ating sarili sa manunubos, kay satanas at sa gawain nito sa mga salot nalulusob at sisirain ang bunga ng ating gawa, *"11 At aking sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa; ni malalagasan man ng bunga sa di panahon ang inyong*

puno ng ubas sa parang, sabi ng Panginoon ng mga hukbo,” (Malakias 3:11 KJV) Ang sinabi ng Jesus sa Mateo 6:19-20 tungkol sa magnanakaw, tanga at kalawang, ay hahayaan sa ating buhay kapag nabigo tayong magikapu sa ating kita.

Ang ikapu ay dapat ibigay sa mga Levita at para sa atin ngayon sa mga permanenteng manggagawa sa simbahan. Ang mga ikapu at ang mga unang bunga ay dalawang magkaibang bagay at hindi iisa. Tungkol sa mga Levita na tumatanggap ng ikapu ay nag iikapu sila dito at ibinigay ang ikasampung bahagi nito sa mga saserdote. **“37 At upang aming dalhin ang mga unang bunga ng aming harina, at ang aming mga handog na itataas, at ang bunga ng sarisaring punong kahoy, ang alak, at ang langis, sa mga saserdote, sa mga silid ng bahay ng aming Dios; at ang ikasampung bahagi ng aming lupa sa mga Levita; sapagka't sila, na mga Levita, ay nagsisikuha ng mga ikasampung bahagi sa lahat na aming mga bayan na bukiran. 38 At ang saserdote na anak ni Aaron ay sasama sa mga Levita, pagka ang mga Levita ay nagsisikuha ng mga ikasampung bahagi; at isasampa ng mga Levita ang ikasampung bahagi ng mga ikasampung bahagi sa bahay ng aming Dios, sa mga silid sa loob ng bahay ng kayamanan. 39 Sapagka't ang mga anak ni Israel, at ang mga anak ni Levi ay mangagdadala ng mga handog na itataas, na trigo, alak, at langis, sa mga silid, na kinaroroonan ng mga sisidlan ng santuario, at ng mga saserdote na nagsisipangasiwa, at ng mga tagatanod-pinto, at ng mga mangaawit: at hindi namin pababayaan ang bahay ng aming Dios.” (Nehemias 10:37-39 KJV) Para sa lahat ng ating natatanggap kailangan nating ibigay ang ikapu at unang bunga.**

C. Ang ating mga panata at ang ating iba't ibang mga handog. Iniibig ng Dios ang masayahing magbigay gaya ng mababasa natin dito, **“6 Datapuwa't sinasabi ko, Ang naghahasik ng bahagya na ay magaan namang bahagya na; at ang naghahasik na sagana ay magaan namang sagana. 7 Magbigay ang bawa't isa ayon sa ipinasiya ng kaniyang puso: huwag mabigat sa loob, o dahil sa kailangan: sapagka't iniibig ng Dios ang nagbibigay na masaya.” (2 Corinto 9:6-7 KJV) Kailangang ibigay nating ang lahat ng iyon nang may masayang puso, dahil iniibig ng Dios ang masayang nagbibigay, upang ang Kanyang mga pagpapala ay magpatuloy at magkaroon tayo ng mga kayamanan sa Langit at makahawak sa buhay na walang hanggan.**

7. Dapat nating maunawaan na kailangan nating bigyan ang mahihirap at ang tulungan ang mga nangangailangan: At sinabi natin ang mga patnubay tungkol doon sa iba pang mga mensahe. Ang pagbibigay sa mga mahihirap at nangangailangan ay pagbibigay din sa pag aari ng Dios. Sa katunayan ang pagbibigay sa mahihirap ay pagpapautang sa Dios, **“Ang naawa sa dukha ay nagpapautang sa Panginoon, at ang kaniyang mabuting gawa ay babayaran sa kaniya uli.” (Kawikaan 19:17 KJV) Babayaran tayo ng Dios ng maayos kapag nangangailangan tayo gaya ng pangangalaga natin sa mga nangangailangan.**

8. Dapat nating maunawaan na kailangan nating mag ipon para sa hinaharap na darating: Kailangan nating magipon ng dalawampung porsiyento o ika limang bahagi ng ating kita at huwag galawin ito at ingatan ito para sa hinaharap. Ito ay mula sa payo ni Jose, na may Espiritu ng Dios, kay Faraon ang Hari ng Egipto sa pagtuturo sa kanya kung paanong harapin ang darating na taggutom, **“33 Ngayon nga'y humanap si Faraon ng isang taong matalino at pantas, at ilagay sa lupain ng Egipto. 34 Gawing ganito ni Faraon, at maglagay ng mga tagapamahala sa lupain, na paglimahing bahagi ang lupain ng Egipto sa loob ng pitong taon ng kasaganaan. 35 At kanilang tipunin ang lahat ng pagkain nitong mabubuting taon na dumarating, at magkamalig ng trigo sa kapangyarihan ng kamay ni Faraon, na pinakapagkain sa mga bayan at ingatan. 36 At ang pagkain ay kamaligin na itaan sa lupain sa pitong taong kagutom na mangyayari sa lupain ng Egipto; upang huwag mapuksa ang lupain sa kagutom.” (Genesis 41:33-36 KJV) Upang gawin iyon kailangan nating gawin ang sumusunod:**

I. Gamitin ang mga libreng mapagkukunan ng hindi paggasta sa pera, “1 Oh lahat na nangauuhaw, magsiparito kayo sa tubig at siyang walang salapi; magsiparito kayo, kayo'y magsibili, at magsikain; oo, kayo'y magsiparito, kayo'y magsibili ng alak at gatas ng walang salapi at walang bayad.” (Isaias 55:1 KJV)

II. Huwag gastusin ang pera sa hindi kapaki pakinabang na mga bagay, “2 Ano't kayo'y nangaggugugol ng salapi sa hindi pagkain? at ng inyong gawa sa hindi nakabubusog? inyong pakinggan ako, at magsikain kayo ng mabuti, at mangalugod kayo sa katabaan.” (Isaias 55:2 KJV) Gumagastos tayo sa ating mga pangangailangan at hindi sa ating mga kagustuhan.

III. Disiplinahin ang iyong sarili at huwag aksayin o magtapon, sa pagsunod sa halimbawa at sa turo ni Jesus na sinabi sa Kanyang mga alagad na ipunin ang natira matapos ang himala na ginawa niya sa pagpaparami ng tinapay, **“12 At nang sila'y mangabusog, ay sinabi niya sa kaniyang mga alagad, Pulutin ninyo ang mga pinagputolputol na lumabis, upang walang anomang masayang. 13 Kaya't kanilang tinipon, at nangapuno ang labingdalawang bakol ng mga pinagputolputol sa limang tinapay na sebada, na lumabis sa nagsikain.” (Juan 6:12-13)**

Sa aking mahal at minamahal: Tanggapin ang katuruan ng Salita ng Dios at maging handang dumaan sa pagdurusang at matutong disiplinahin ang iyong sarili upang pigilan ang iyong mga gastusin sa gayo'y makapag

ipon ka at magamit mo ang ibinibigay ng Dios sa iyo upang mamuhunan at upang suportahan ang gawain ng Dios. * Ipangako ang iyong sarili at ilagay ang iyong puso sa mga utos na ito ng Dios upang makagawa ka ng kayamanan hindi lamang sa lupa kundi higit sa lahat sa Langit. Mangyaring maging malaya upang makipag ugnay sa akin kung mayroon kang katanungan o kailangan mo ng karagdagang paglilinaw. Manalangin tayu.

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagturo sa akin kung paanong pangasiwaan ang aking buhay pananalapi at kung paanong magkaroon ng mga kayamanan sa Langit.

Magsisi at talikdan ang iyong mga kasalanan sa kakulangan ng kasipagan, sa pagkakautang, hindi handang magbayad ng utang, ang kakulangan ng pag-iikapu at unahin ang Dios ang kawalan ng matalinong paggastos ang kakulangan ng pagbibigay sa mga mahihirap, ang kakulangan ng pag-iipon at ang kawalan ng masayang puso at walang kabatiran at ang kawalang pakialam na magkaroon ng mga kayamanan sa Langit, di tapat, pagtatago, pagsasamantala sa kapwa at hindi masagan sa mabubuting gawa. Panginoon nagsisisi ako at tinatalikdan ang mga sumusunod na kasalanan _____

Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na isagawa ang aking natutunan sa mensaheng ito sa aking buhay. Ipinangako ko ang aking sarili na magpakapagal, na mag ikapu sa aking kita at ibigay ang aking unang bunga at ang iba't ibang handog sa iyo. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na maayos mamahala, na tulungan ang mga dukha at nangangailangan at panatilihin ang ika limang bahagi ng aking kita para sa pag-iipon. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na maging pagpapala sa iba upang makapagipon ako ng mga kayamanan sa Langit. Panginoon habang ipinangako ko ang aking sarili na sumunod sa iyong Salita, buksan ang durungawan ng langit at ibuhos ang iyong mga pagpapala, at pigilan ang mananakmal na uwagi kunin ang bunga sa aking buhay at paging dapatin akong magkaroon ng kayamanan sa Langit at buhay na walang hanggan.

Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang buhay upang sundin ang iyong Salita at isagawa sa kanilang buhay. Panginoon pagpalain sila at sawayin ang lahat ng mga mananakmal sa kanilang buhay at paging dapatin sila na magkaroon ng mga kayamanan sa Langit. Panginoon tulungan sila na patuloy na ipamuhay ang kanilang buhay para sa iyo at hayaan silang maging masagana sa mabubuting gawa at maging pagpapala sa iba.

Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan gaya ng ipinangako namin ang aming sarili na mamuhay ayon sa iyong Salita at sa iyong kalooban. Panginoon tustusan kami sa aming pagtitiyaga sa pagsasagawa ng iyong Salita sa aming buhay. Panginoon paging dapatin kami palaging ipangaral at ituro ang iyong Salita upang marinig ng mga tao, magkaroon ng pagkakataon na magsisi at baguhin ang kanilang mga landas. Panginoon puspusin kami ng Banal na Espiritu at pagkalooban kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan naming yumaon at mag evangelio at magsanay ng maraming manggagawa para magtanim ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoon Jesu Cristo at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Part 89. Paano pangasiwaan ang iyong buhay pinansyal. Mateo 6:19-21. I Kay Timoteo 6:17-19. Efeso 4:28. Tito 3:14. Eclesiastes 2:24. I Timoteo 5:8. Mga Taga Roma 13:8. Exodo 22:29. Exodo 13:2. Ezekiel 44:30. Mga Kawikaan 3:9-10. Malakias 3:10, 8, 11. Nehemias 10:37-39. II Mga Taga Corinto 9:6-7. Kawikaan 19:17. Genesis 41:33-36. Isaias 55:1-2. Juan 6:12-13.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com